Price Alert

Walang Kapantay na Pagtaas sa Presyo ng Bigas



Batay sa talaan ay makikita ang pagtaas sa presyo ng halos lahat ng pangunahing bilihin sa merkado kumpara sa mga nagdaang buwan at taon. Pangunahin sa pagkakaroon ng pagtaas ang presyo ng bigas na kung ikukumpara noong 2007 ay nagtala ng 74.23 porsyentong pagtaas at 66.63 porsyento naman ng 2008. Mula sa dating P23.67 (2007) lamang, naging P41.24 na ngayon. Malaki rin ang itinaas ng presyo ng noodles na nagkakahalaga ng P6.38 kumpara noong 2007 na P4.95. Sinundan ito ng sabong panlaba na tumaas ng 28.61%, mula P15.87 noong 2007, naging P20.41 nitong Enero 2009. Nanatili ding mataas ang presyo ng galunggong (P95) bagamat nagkaroon ito ng pagbaba. *(Tingnan ang Grap 1 at Talaan 1).*

Talaan 1. Presyo ng Sampung Batayang Bilihin

10 BATAYANG BILIHIN	Enero 2009	Pagtaas/Pagbaba					
		Month-on-Month (Disyembre 2008)		Year-to-Year (Enero)			
				2008		2007	
		Peso	%	Peso	%	Peso	%
Bigas	**41.24**	**30.00**	**37.47**	24.75	**66.63**	23.67	**74.23**
Sardinas	12.29	11.83	3.89	9.94	**23.64**	9.82	25.15
Noodles	6.38	6.33	0.79	5.23	21.99	4.95	**28.89**
Asukal (refined)	35.81	36.00	-0.53	**40.60**	-11.80	**34.15**	4.86
Gatas (powdered, 80g)	22.14	23.50	-5.79	21.38	3.55	17.60	25.80
Kape (25g)	16.55	15.50	**6.77**	15.45	7.12	15.24	8.60
Mantika (lapad)	20.00	20.00	0.00	22.00	-9.09	18.00	11.11
Sabong panlaba	20.41	20.00	2.05	15.98	**27.72**	15.87	**28.61**
Isda (galunggong)	**95.00**	**100.00**	-5.00	**80.00**	18.75	**100**	-5.00
LPG (11kg)	**500.00**	**433.50**	**15.34**	**595.00**	-15.97	**514**	-2.72

Muling Pagsirit ng Presyo ng LPG

Sa pagsubaybay ng CWR sa mga presyo ng mga bilihin, nananatili pa ring may pinakamataas na presyo ang LPG na mula sa pagbaba nito noong Agosto hanggang

Disyembre 2008 ay muli itong tumaas ng 15.34% nitong Enero 2009. Kaya, umaabot na ito sa limang daang piso, mataas ng P66.50 kumpara ng Disyembre 2008. *(Tingnan ang Tsart 1).*



Mula Pebrero 2008 hanggang Disyembre 2008, siyam na beses nagtaas ang presyo ng LPG na umabot sa kabuuang halagang P9.50 kada tangke kumpara naman sa sampung beses na pagbaba ng presyo nito sa parehong taon na umabot sa halagang P21.00 kada tangke. Subalit sa pagpasok ng taon, kaagad na binawi ito ng mga dambuhalang korporasyon ng langis.

Nitong unang buwan ng taon, lumabas pa ang balita na ”nagkakaubusan” ng suplay ng LPG at hirap ang mga konsyumer na makabili. May ilang retailer pa na nagbebenta ng refill kada kilo upang matugunan ang pangangailangan dito. Kasabay ng sinasabing kakapusan ng suplay ang biglang pagtaas ng presyo nito. Ang masaklap nito, ginagamit na dahilan ang pandaigdigang krisis para mas mabigyang katwiran ang walang humpay na pagsirit ng presyo ng bilihin.

Ayon sa mga retailer ng LPG, ngayong Pebrero ay tataas ang presyo nito ng P5.00 kada kilo o P55.00 sa bawat tangke. Nangangahulugan ito ng karagdagang gastos na naman sa bawat pamilya na hirap na ngang pagkasyahin ang kakarampot na kita at hindi makaagapay sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Sa katunayan, tumaas na sa P565.00 hanggang P641.00 ang bawat 11-kilogram na tangke ng LPG.

Ang ganitong umano’y ”kakapusan ng suplay” ay resulta ng patakarang deregulasyon ng industriya ng langis na masugid na ipinapatupad ng gobyernong Arroyo. Ipinapaubaya na ng gobyerno ang pamamalakad sa mga pribadong sektor kaya naman kaya nilang itakda ang suplay at maging ang presyo.

Center for Women’s Resources
TEL: 411-2796 TELFAX: 920-1373
EMAIL: cwrgrl@gmail.com